# Maligayang Pagdating

Kami ay natutuwa na nandito kayo. Bago tayo magsimula ng bagong sesyon na ito, gusto kong sabihin sa inyo na kayo ay napapgdasalan. Walang pagkakataon na ikaw ay hindi kabilang sa pag-aaral natin.

Ang aking hiling ay simple: na ikaw ay lumapit sa Diyos araw araw at tayo ay magaral ng Santong mga Salita – at aking pinagdarasal na malubos ang iyong pagmamahal sa Diyos.

**Araw araw bago mo basahin ang ating berso, hangad natin ang tulong ng Diyos na bigyan tayo ng pangunawa. Siya ang magsasalita sa atin. Tayo lang ang makikinig at susunod.**

Basahin natin ang berso paulit – ulit tulad ng sabi sa mga Kawikaan 2:4

*"Kung iyong hahanapin siya na parang pilak, at sasaliksikin mo siya na parang kayamanang na tatago."*

Kami ay mapalad na ihandog kasama dito sa ating pagaaral;
- David (libro o pampleto)
- Basahing Plano
- Lingguhang- Blog Posts (Lunes, Miyerkules at Biyernes)
- Lingguhang- Memorya Berso
- Lingguhang- Bideo (Lunes lang)
- Lingguhang-Layunin
- Online Komunidad: sa Facebook, Twitter, Instagram o LoveGodGreatly.com
- Hashtags: #LoveGodGreatly

Kaming lahat dito sa Love God Greatly ay hindi makapaghintay magsimula at magtapos. Aming hangad na tayo ay magtiis at huwag tumalikod hanggang sa katapusan. Tapusin natin ang ating sinimulan ngayon.

Samahan tayo sa expedisyon na ito, na sa ating buhay ay mahaling lubos.

Angela

# Talaan Ng Nilalaman


Ang Ating Komunidad p. 5
Paano mag – SOAP p. 6
SOAP Basahing Plano p. 8
Layunin p. 9
Panimula sa Pag-aralan p. 10

Linggo 1 Pahina ng Pagsubok at Pagdarasal p. 12
Mga Talata na Pang Memorya p. 13
Lingguhang Berso p. 14
SOAP p. 18
Gunita at mga Tanong p. 28
Ang Aking Tugon p. 29

Linggo 2 Pahina ng Pagsubok at Pagdarasal p. 30
Mga Talata na Pang Memorya p. 31
Lingguhang Berso p. 32
SOAP p. 34
Gunita at mga Tanong p. 44
Ang Aking Tugon p. 45

Linggo 3 Pahina ng Pagsubok at Pagdarasal p. 46
Mga Talata na Pang Memorya p. 47
Lingguhang Berso p. 48
SOAP p. 50
Gunita at mga Tanong p. 60
Ang Aking Tugon p. 61

Linggo 4 Pahina ng Pagsubok at Pagdarasal p. 62
Mga Talata na Pang Memorya p. 63
Lingguhang Berso p. 64
SOAP p. 68
Gunita at mga Tanong p. 78
Ang Aking Tugon p. 79

Linggo 5 Pahina ng Pagsubok at Pagdarasal p. 80
Mga Talata na Pang Memorya p. 81
Lingguhang Berso p. 82
SOAP p. 86
Gunita at mga Tanong p. 96
Ang Aking Tugon p. 97

Linggo 6 Pahina ng Pagsubok at Pagdarasal p. 98
Mga Talata na Pang Memorya p. 99
Lingguhang Berso p. 100
SOAP p. 104
Gunita at mga Tanong p. 114
Ang Aking Tugon p. 115

Linggo 7 Pahina ng Pagsubok at Pagdarasal p. 116
Mga Talata na Pang Memorya p. 117
Lingguhang Berso p. 118
SOAP p. 120
Gunita at mga Tanong p. 130
Ang Aking Tugon p. 131

Linggo 8 Pahina ng Pagsubok at Pagdarasal p. 132
Mga Talata na Pang Memorya p. 133
Lingguhang Berso p. 134
SOAP p. 138
Gunita at mga Tanong p. 148
Ang Aking Tugon p. 149

# Ating Komunidad

Ang grupo na "*Lubos na mahalin ang Diyos*" ay binubuo nang magagandang kababaihan sa komunidad na gustong malaman at magaral ng Salita ng Diyos.

*Umpisahan ng Santong Salita pero hindi natatapos duon.*

Marami nag sasama- sama sa ibat ibang bahay o sa online sila nagkikita at naguusap, meron din sa kanilang simbahan at marami din sa kabilang mundo kung saan konektado sila.

*Ano man ang koneksiyon nila, sila ay nagmamahal sa isang layunin… para mahalin ang Diyos ng lubos.*

Ngayon, sa araw na ito, pag tayo ay nag aaral ng Santong Kasulatan, kulang ang panghihikayat at suporta na maitutulong na mahalin ng lubos ang Diyos.

Tayo ay nandito sa komunidad natin na para matulungan natin ang isat isa sa pagaaral at tayo ay lumaki sa pagmamahal natin sa Santong Kasulatan. Dahil dito puwede mo bang tanungin ang kapwa na makipagaral sayo?

*Ang kababahian natin, kailangan natin ang isat isa na makipagaral sa'yo.*

Magtiwala ka na kami dito ay nagaaral at pinagdadasalan kayo at masayang masaya kami na kayo ay karamay na magaral pati. At pagtiwalaan niyo na ang ating Diyos ay masaya na gusto nating malaman kung paano tayo makakalapit sa kanya.

Sa ngayon, tawagan niyo ang kaibigan, ang kapatid at ang iba pang kamaganak at tayo tayo ay magaral, kahit saan, kumoekta tayo.

*Kaya natin 'to.*

# Paano mag- SOAP

Gustong gusto namin ninyong malaman na napakasaya kami para sa inyo.

**Ipinagmamalaki ka namin sa iyong pangako** … na magbasa ng Biblia araw araw at iaplay ito sa ating buhay – ang magandang buhay na binigay sa atin.

Bawat Kabanata mayroong laarawan sa bawat berso na binabasa natin. Itong laarawan ay makakatulong sa ating pagintindi ng mga berso na binabasa at malaman kung ano ang sinansabi sa atin ng Panginoon.

**Dito sa *Love God Greatly*, ginagamit namin ang S.O.A.P. na paraan. Bago tayo magumpisa, tingnan natin kung ano itong S.O.A.P. at bakit namin ito ginagamit.**

## Bakit mag- S.O.A.P?

Oo at maganda na binabasa ang Biblia, pero masmaganda na makipag-ugnayan tayo. Makikita mo sa madaling panahon na merong mga Santong Kasulatan na hindi mo nakita nuon na nandyan na. Kasi itong paraan na S.O.A.P. ay tutulungan ka na magaral na mas malamin, makikita moa ng iyong dagdag kaalaman sa pagintindi sa Biblia. Kaya gusto naming ihandog sa inyo na gamatin itong S.O.A.P na paraan. Magugulat ka!

## Ano ang ibig sabihin ng S.O.A.P.?

**S**- Banal na kaSulatan. Isulat ang mga berso na pinagaralan natin at makikita nyo na maykaibahang resulta. Maso-sorpesa ka sa makikita mong kagawan ng Diyos.

**O**- Mga Obserbasyon. Ano ang nakikita ninyo sa mga berso na binasa natin? Sino sino ang pinatutungkolan? Meron bang inuulit ulit na sinasabi? Meron bang salitang kapunapuna sa iyo?

**A**- Aplikasyon. Dito natin puwedeng i-aplay sa ating sarili. Ano ba ang sinasabi ng Diyos sa akin? Paano ko magagamit ito sa sarili kong buhay? Ano ang kailangan kong gawin?

**P**- Pagdasal – Ipagdasal ang Santong Kasulatan. Oras na ito upang magpasalamat sa lahat na ipinakikita niya sa atin gawa nang tayo ay nag- aaral nang Libro para sa mga Salita ng Diyos. Tanungin natin ang Panginoon kung meron tayong kasalanan na kailangan nating tanggapin, huwag kalimutan, na mahal tayo ng Diyos.

## Paano mag- S.O.A.P? Ito ang halimbawa!

**S**- 5 Dahil sa pagasa na natataan para sa inyo sa langit, na nang una ay inyong narinig sa salita ng katotohanan ng evangelio, 6 Na ito'y dumating sa inyo; gayon din naman kung paano sa buong sanglibutan na namumunga at lumalaganap, gaya rin naman sa inyo, mula nang araw na inyong marinig at maalaman ang biyaya ng Dios sa katotohanan; 7 Ayon sa inyong natutuhan kay Epafras na aming minamahal na kasamang lingkod, na isang tapat na ministro ni Cristo, sa ganang atin; 8 Na siya rin namang sa amin ay nagbalita ng inyong pagibig sa Espiritu.

**O**-

- Pagka-hinalo moa ng pananampalataya at pagmamahal, merong pagasa.
- Ang pagasa natin ay nasa langit… sa dadating na panahon.
- Ang Santong Sulat - ay totoo.
- Ang Santong Sulat - ay buhay, mula sa umpisa hanggang sa dulo.
- Kaya ng isang tao na magbago… Epafras.

**A**- Ginamit ng Diyos si, Epafras, para maibago ang kanilang bayan! Napaalala sa akin na ang ating pananagutan ay sabihin sa iba ang estoria ng ating Panginoon at Siya ang maglalago. Yung mga berso na binasa natin ay sinasabi na ikalat natin sa lahat ang katotohanan ni Kristo, at siya ang bahala na magdagdag. Itong mga berso ay direkta sa LGG … "gayon din naman kung paano sa buong sanglibutan na namumunga at lumalaganap, gaya rin naman sa inyo, mula nang araw na inyong marinig at maalaman ang biyaya ng Dios sa katotohanan;

> *"Napakasaya pag nakita natin ang Santong Sulat - maging buhay at nagsasalita sa ating. Ang ating tugon ay mga kababaihan na nadito sa ating grupo ay maintindihan. "Ang Santong Sulat - ay hindi lang impormasyon, pati din sa ating pagbabagong- anyo."*

**P**- Panginoon, tulungan mo po akong maging Epafras – at sabihin sa iba ang iyong pagmamahal at Ikaw na lang ang magdagdag at magalaga. Tulungan mo po ako na maintindihan ko po ang mga berso na binabasa namin araw araw. Ang aking tugon ay maging malapit sa Iyo. Tulungan mo po akong may pagasa araw araw, araw araw ay maypanampalataya at pagmamahal sa kapwa. Tulungan mo akong maalala na may magandng dadating sa kinabukasan!

---

**Ang importante dito sa ating pag-aaral ay ang ating pakikipag-unayan sa isa't isa, at ang ating Aplikasyon sa buhay natin.**

**Awit 1:2 Kundi ang kaniyang kasayahan ay nasa kautusan ng Panginoon; at sa kautusan niya nagbubulaybulay siya araw at gabi. 3 At siya'y magiging parang punong kahoy na itinanim sa siping ng mga agos ng tubig, na nagbubunga sa kaniyang kapanahunan, ang kaniyang dahon nama'y hindi malalanta; at anumang kaniyang gawin ay giginhawa.**

# Soap Basahing Plano

| | | Basahin | SOAP |
|---|---|---|---|
| LINNGO 1 | Lunes | 1 Sam 16:1-12; Awit 78:70-72 | Awit 78:70-72 |
| | Martes | 1 Sam 17:12 – 15; 32 - 37 | 1 Sam 17:1, 15 |
| | Miyerkules | Ezekiel 34:15 - 31 | Ezekiel 34:15 – 16; 31 |
| | Huwebes | Isaias 40:9 - 11 | Isaias 40:10 - 11 |
| | Biyernes | Awit 100 | Awit 100:3 |
| | Tugon | | |
| | | | |
| LINNGO 2 | Lunes | 2 Samuel 5:1-5, 9-12 | 2 Samuel 5:10 |
| | Martes | 2 Samuel 7:8, 9, 16 | 2 Samuel 7:16 |
| | Miyerkules | Juan 18:33-37 | Juan 18:36 |
| | Huwebes | Isaias 9:6-7 | Isaias 9:7 |
| | Biyernes | Roma 8:17; Efeso 2:19 | Efeso 2:19 |
| | Tugon | | |
| | | | |
| LINGGO 3 | Lunes | 1 Samuel 21:10 - 13 | 1 Samuel 21:12 - 13 |
| | Martes | 2 Samuel 12:1 - 17 | 2 Samuel 12:16 - 17 |
| | Miyerkules | Juan1:1 – 4; 14 | Juan 1:14 |
| | Huwebes | Mga Hebreo 2:14 - 18 | Mga Hebreo 2:17 - 18 |
| | Biyernes | Juan 15:5; 2 Corinto 12:9 | 2 Corinto 12:9 |
| | Tugon | | |
| | | | |
| LINGGO 4 | Lunes | 1 Samuel 18:6 - 16 | 1 Samuel 18:14 |
| | Martes | Awit 144:1 - 4 | Awit 144:1 |
| | Miyerkules | Pahayag 19:11 - 16 | Pahayag 19:11 |
| | Huwebes | Awit 24 | Awit 24:8 |
| | Biyernes | Efeso 6:10 -18 | Efeso 6:10 – 13 |
| | Tugon | | |
| | | | |
| LINGGO 5 | Lunes | 1 Samuel 18:1-5; 20:42; 23:16-18 | 1 Samuel 20:42 |
| | Martes | 2 Samuel 1:1 -27 | 1 Samuel 1:26 |
| | Miyerkules | Juan 15:13-17 | Juan 15:15 |
| | Huwebes | Kawikaan 17:17; 18:24 | Kawikaan 17:17 |
| | Biyernes | Efeso 4:29-32 | Efeso 4:32 |
| | Tugon | | |
| | | | |
| LINGGO 6 | Lunes | 2 Samuel 11:1-27 | 2 Samuel 11:27 |
| | Martes | 2 Samuel 12:1-15 | 2 Samuel12:13-15 |
| | Miyerkules | 1 Timoteo 1:12-16 | 1 Timoteo 1:15 |
| | Huwebes | Genesis 8:21; 1 Juan 1:8-9 | 1 Juan 1:8-9 |
| | Biyernes | Mga Gawa 3:19 | Mga Gawa 3:19 |
| | Tugon | | |
| | | | |
| LINGGO 7 | Lunes | Mga Gawa 13:22 | Mga Gawa 13:22 |
| | Martes | 1 Samuel 13:8-15 | 1 Samuel 13:14 |
| | Miyerkules | Mateo 17:1-7 | Mateo 17:5 |
| | Huwebes | Mateo 10:29-31 | Mateo 10:29-31 |
| | Biyernes | 1 Pedro 2:9-10 | 1 Pedro 2:9 |
| | Tugon | | |
| | | | |
| LINGGO 8 | Lunes | 1 Samuel 17:33-47 | 1 Samuel 17:45 |
| | Martes | Awit 27 | Awit 27:1 |
| | Miyerkules | 2 Tesalonica 3:1-5 | 2 Tesalonica 3:3-5 |
| | Huwebes | Jeremias 17:7-8 | Jeremias 17:7-8 |
| | Biyernes | Mga Hebreo 10:19-25 | Mga Hebreo 10:21-23 |
| | Tugon | | |

# Mga Layunin

Naniniwala kami na ito ay mahalaga na isulat ang mga layunin para sa bawat session. Magtabi ng ilang oras at magsulat ng tatlong mga layunin na nais mong mag-pocus sa session na ito, simula sa paggising sa bawat araw ay basahin ang Santong Sulat - . Kaya susunod na pagtapos ng walo na lingo meron tayong balikan na mga layunin natin. Kaya natin eto!

Ang aking mga layunin para sa session na ito ay:

1.

2.

3.

Pirma: ____________________________________________

Petcha: ________________

# Isang Panimula Ukol sa Buhay ni David

Sa lahat ng karakter sa Bibliya, kay David ako pinaka interesado. Ang Panginoon ay pinagkalooban tayo ng maraming impormasyon tungkol sa kanyang buhay. Ito ay mula sa kanyang kabataan, pamilya, kanyang mga kabiguan at mga tagumpay. Ipinakita sa atin kung paano niya pinagsilbihan ang kanyang pamilya bilang isang pastol, kanyang pagharap sa pakikipagdigma at ang mahusay na pamumuno niya sa Israel. Ngunit tayo ay bukas din sa kanyang makasalanang buhay, mula sa pakikiapid, panlilinlang at pagpatay. Si David ay may mga maling desisyon na ginawa ngunit sa mga pagkakataong ito nakikita ang katarungan at malalim na paglingap sa kanya ng ating Panginoon.

Ang buhay ni David ay maraming bahid ng intriga, kawalang pagasa at pagbabalik loob. Ang bawat isa sa atin ay may mga sitwasyong hinaharap o hinarap halintulad kay David.

**Ngunit sa lahat ng mga pagaaral na ito, ating himaying mabuti ang papel ng ating dakilang Diyos sa buhay ni David.** Lagi natin isapuso ang mga tanong na ano ang natutunan ko tungkol sa Diyos at sa lahat ng ito, at ano ang magiging papel ng mga kaalaman na ito sa ating buhay.

Si David ay naturingang may puso na para sa Diyos kahit siya ay makasalanan. Ang kanyang paniniwala at pagkamatapat sa ating dakilang lumikha ay tapat at tunay. Dito natin makikita ang lubos na pagibig ng Diyos sa atin sa buhay ni David. **Sapagkat ang buhay ni David ay siya rin nating Diyos.**

## Si David Bilang Isang Uri ni Kristo

Sa kabuuan ng Lumang Tipan dito makikita ang tinatawag ng mga teolohiyo na “uri ni Kristo”. Ito ay dahil sa kagustuhan ng ating Panginoon na may mga tao, pangyayari at mga bagay na umuukol kay Hesus at sa kanyang mga gawain para sa mga tao. Halimbawa ang “manna” na ibinigay ng Panginoon mula sa langit ay halimbawa o manipestasyon na si Hesus ay siyang tinapay mula sa langit na sugo sa sangkatauhan para tayo ay iligtas. (Juan 6:32). Ang iba pang manipestasyon ay ang templo, si Boaz, Jonah at ang paglilinis gamit ang hisopo.

**Maraming beses natin makikita sa Aklat ni Mateo na si Hesus ay tinuran bilang “anak ni David”.** Si David ay pinili ng Panginoon bilang hari. Si David at si Jesus ay parehong ipinanganak sa Bethlehem at parehong itinakwil ng kanilang mga kalipi. Si David ay isang

pastol at si Hesus ay tinatawag na " Dakilang Pastol". Ang pagtutulad at paghahambing sa buhay nina David at Hesus ay malalim. Makikita sa mga artikulo ni Jonathan Edwards ang mga pagaaral na ito sa http://feedingonchrist.com/jonathan-edwards-on-david-as-a-type-of-christ/LoveGodGreatly.com

Sa kaganapang ito, ang ating pagaaral ay kakaiba. Lunes at Martes ay para sa buhay ni David. Ang Miyerkules at Huwebes ay para sa buhay ni Hesus at ang Biyernes ay para sa ating pagninilay.

Ang buhay ni David na pinili ng ating Panginoon para sa kanya ay kakaiba, puno ng saya at pagsubok na pinalalim ng pananampalatayang matatag at tayo ay mapalad na mapagaralan at unawain ang lahat ng ito. Tayo ay maaaring mamuhay na puno ng malalim na pananampalataya at tiwala sa Panginoon dahil tayo ay namumuhay sa presensiya ng Panginoon. **Sa gabay ng ating Panginoon, tayo ay maaaring maging mga kababaihan na nasasalamin ang katauhan ng ating Panginoon.**

Pagtingin sa Panginoon,

*Jen*

# Gunita at mga Tanong

1. Paano tayo inihanda ng Panginoon para tayo ay maging "David" sa mga tao sa ating buhay?

2. Ang Diyos ay higit na tinitignan ang ating kalooban kaysa sa ating panlabas na anyo, si David ang pinakabata sa kanilang magkakapatid ngunit siya ang pinili ng Panginoon, paano ka binibigyang inspirasyon ng bagay na ito?

3. Bilang ang Diyos ang ating pastol, saang aspeto ng iyong buhay mo higit na kailangan ang kanyang gabay?

4. May mga pagkakataon ba na ang Panginoon ay iniligtas ka sa isang matinding pagsubok? Matiwasay mo bang napagtagumpayan ito? Magpasalamat at magpuri sa dakila niyang pagpapala.

5. Paano ka nakakaramdam ng pagasa sa tuwing babasahin mo ang Awit 100:3?

# Gunita at mga Tanong

1. Kahit na ipinangako ng Diyos ang kaharian kay David nang siya ay piliin ni Samuel, si David ay naghintay pa ng mahabang panahon para ito ay magkatotoo. May pagkakataon ba na ikaw ay pinaghihintay ng Diyos? Ano kayang aral ang nais Niyang matutunan mo sa iyong paghihintay?

2. Bakit kaya labis ang pagpapalang binibigay ng Diyos kay David?

3. Sapagkat ang kaharian ng Diyos ay hindi dito sa lupa, ang lahat ng kanyang gusto at pinahahalagahan ay iba sa pinahahalagahan ng mga tao. Bakit importante na isaisip ang katotohanang ito?

4. Katarungan at kapayapaan ang maghahari sa pagdating ni Hesus sa trono ni David, sa paanong paraan ito nakakatulong sa pagharap mo sa mga kawalan ng hustisya at kaguluhan sa iyong buhay?

5. Sa kaalamang ikaw ay bahagi ng tahanan ng Diyos, paano ka binabago ng katotohanang ito at paano mo tinitignan ang iyong sarili?

# Gunita at mga Tanong

1. Nang harapin ni Nathan si David sa kanyang kasalanan ayon sa Samuel 12: 1-17, ano ang naging reaksyon ni David? Paano mo ito haharapin kung ikaw ang nasa parehong sitwasyon?

2. Bakit sa tingin mo pinatawad ng Panginoon sa kanyang pakikiapid kay Bathsheba ngunit hindi niya tinanggal ang kaparusahan sa kasalanan niya?

3.Bakit lubos na mahalaga na unawain na si Jesus ay namuhay kasama natin? (Juan 1:14)?

4. Sa ating pagkakaunawa na si Hesus ay buong puso na namuhay sa mundo sa kabila ng pagdanas niya ng pagpapakasakit, mga tukso at pagkabigo para sa atin, paano ka lumalapit sa Kanya pag ikaw ay nakararanas ng mga tukso at pagpapakasakit?

5. Magbigay ng isang halimbawa kung saan ang kapangyarihan ng Diyos ay nariyan sa oras ng iyong kahinaan. Ano ang naging epekto nito sa mga tao sa iyong paligid?

# Gunita at mga Tanong

1. Sa 1 Samuel 18:14, sinasabi na ang Panginoon ay kasama ni David. Ano kaya ang mga katangian na meron si David na mahal na mahal siya ng ating Panginoon?

2. Ayon sa Awit 144: 1-2, sino ang naghahanda sa atin sa mga pagsubok na ating haharapin? Ano ang papel Niya sa mga pagsubok na ito?

3. Sa unang pagdating ni Hesus sa ating mundo siya ay isang sanggol. Sa ikalawang pagkakataon siya ay darating sakay ng puting kabayo at magbibigay ng nararapat na paghuhukom. Paano binabago ang iyong pananaw kay Hesus sa pagdating Niya bilang isang mandirigma?

4. Si David ay hindi naman ganuon katapang, labis lamang ang kanyang paniniwala sa mga pangako ng ating Diyos. Paano nailalarawan ang ating Diyos sa Psalm 24:8? Paano nagbibigay ng katapangan sa ating pagharap sa mga pagsubok ang katotohanang ito?

5. Sa ating buhay maraming pagsubok ang ating hinaharap, hayagan at di hayagan. Sa pagtingin natin sa Efeso 6:10-13, paano tayo maghahanda para sa mga pagsubok na ito?

# Gunita at mga Tanong

1. Mga kaibigan ang isa sa itinuturing nating malaking regalo ng ating Panginoon sa ating buhay. Sino ang "Jonathan" sa iyong buhay? Tawagan mo ang iyong kaibigan at pasalamatan siya sa presensiya niya sa iyong buhay.

2. Isang tunay na biyaya ang maituring na kaibigan ni Hesus, ano ang kabuluhan nito sa iyo?

3. Sa anong paraan mo mapapatibay ang iyong pagkakaibigan kay Hesus?

4. Sa nasa isang mahusay at malalim na pagkakaibigan, ito ay dapat pinaguukulan ng oras, katapatan at malalim na pagunawa at pagtanggap. Sa bilang na 1-10, saan mo mailalagay ang sarili mo sa mga aspetong nabanggit ukol sa pagpapanatili ng pagkakaibigan?

5. Sa iyong palagay bakit naisaad sa Efeso 4:32 ang "pagpapatawad sa isa't isa" ay mahalaga sa paglalarawan sa mga Kristiyano?

# Gunita at mga Tanong

1. Ano ang naging tugon ni David sa ating Panginoon ng malaman ang kanyang mga kasalanan?

2. Paano ka tumutugon sa mga kasalanan na dumadating sa iyong buhay?

3. Sa Mateo 11:19, si Hesus ay nailalarawan na "kaibigan ng mga makasalanan". Ano ang kagaananan ng loob na dulot sa iyo ng pagbasa ng 1 Juan 1:8-9?

4. Sa anong parte ng iyong buhay ka higit na nangangailangan ng kapatawaran ng Diyos?

5. Itala ang mga kasalanan na nais mong ihingi ng kapatawaran sa ating Panginoon? Magnilay nilay ayon sa naisulat sa Mga Gawa 3:19.

# Gunita at mga Tanong

1. Ilarawan si David sa isang salita?

2. Ano ang naging kapalit o kaparusahan ng pagsuway ni Saul?

3. Sa Mateo 17:5, nakikita natin ang kahalagahan ng pagsalita ng pagmamahal at pagpapalakas ng loob ng ating kapwa. Paano inilarawan ng Panginoon si Hesus at ano ang iniutos Niya na gawin ng mga tao?

4. Marami sa atin na maliit ang tingin sa sarili. Ano ang nasabi ng Diyos ukol sa ating kahalagahan ayon sa 1 Pedro 2:9-10?

5. Paano binabago ng bersikulong ito ang pananaw natin sa ating tingin at pagpapahalaga sa sarili at ang halaga natin sa mata ng Diyos?

# Gunita at mga Tanong

1. Ano ang pinakahinahangaan mo sa tiwala ni David sa ating Diyos?

2. Ano ang papel ng tiwala at takot sa buhay ni David?

3. Bakit kaya may matinding tiwala sa Diyos si David at tapang na ipatupad ito?

4. Ano ang nagiging kaginhawaan na dulot ng malalim na tiwala sa Diyos sa ating buhay?

5. Ano ang pumipigil sa iyo na isapamuhay ang labis na tiwala sa Diyos? Ano ang iyong mga agam agam sa buhay? Isangguni ang lahat ng ito sa ating Panginoon.

